Biktima ka ba ng pangangalakal ng tao (human trafficking)?

Pinipilit ka bang gawin ang mga bagay na ayaw mong gawin? Minamanmanan o binabantayan ka ba ng isang taong kilala mo? Sinasaktan o pinagbabantaan ka ba ng taong ito? Hindi ka ba pinapayagang umalis?

Walang sinuman ang puwedeng pumilit sa iyong gawin ang mga bagay na ayaw mo o na puwedeng magkulong o pumigil sa iyo.

Ilan sa mga palatandaan na napagsasamantalahan ka:

- Nagtatrabaho ka nang halos walang bayad
- Nagtatrabaho ka nang maraming oras at halos wala nang libreng oras
- Mapanganib ang iyong trabaho at wala kang anumang pananggalang
- Kinuha sa iyo ang iyong mga dokumento ng pagkakakilanlan
- Pinagbabantaan o bina-blackmail ka
- Kailangan mong magbalik ng pera bilang bayad sa iyong employer
- Lagi kang takot
- Sa lugar ng trabaho ka natutulog

Kung ganito ang kalagayan mo, makipag-ugnayan sa amin. Makikinig kami. Puwede kang makipag-usap nang hindi kailangang magpakilala, nang walang babayaran at walang anumang obligasyon.

Kung hindi ka panatag na direktang tumawag sa amin o hindi mo kami direktang matatawagan, makipag-usap sa isang kaibigan o sa isang taong pinagkakatiwalaan mo; puwedeng sa isang doktor o sa isang guro. Hilingin sa kanilang makipag-ugnayan sa amin o sa mga pulis.

Makipag-ugnayan sa amin

PAG-ASA
Rue des Alexiens 16b
1000 Brussels

Lun– Biy 9:00 AM – 5:00 PM
(nang walang appointment)

Tel : 02 511 64 64
Email : info@pag-asa.be
WhatsApp SMS : 0470 94 07 77

facebook.com/PAGASA.vzw.asbl/

Kung nasa bingit ka ng panganib,
tumawag sa pulis : 112

Maaaring nag-aalala ka:

Puwede mo ba kaming kontakin nang anonymous?

Oo, puwede mo kaming tawagan nang anonymous. Itatala namin ang mga sasabihin mo, pero hindi namin itatala ang iyong pangalan o anumang impormasyong puwedeng gamitin ng sinuman para sunsunin o kilalanin ka. Sumasailalim din kami sa atas ng paglilihim bilang propesyonal, kaya hindi namin ibabahagi ang anumang impormasyon nang hindi mo sinasang-ayunan.

Inililihim ba ang iyong tawag?

Oo, puwede mong burahin ang aming numero sa iyong listahan ng tawag o gumamit ng telepono ng ibang tao. Puwede mo rin kaming padalhan ng mensahe at hilingan kaming tawagan ka mula sa isang withheld number.

Wala ka bang dokumento ng paninirahan (mga residency document)?

Walang problema. Kung nananatili ka sa Belgium nang walang valid na dokumento ng paninirahan, malaya kang makipag-usap sa amin. Wala kaming gagawing anumang hakbang na hindi mo sinang-ayunan.

Takot ka ba sa mga pulis?

Walang problema. Nariyan ang pulisya para tulungan at protektahan ka, pero hindi kami makikipag-ugnayan sa kanila kung ayaw mo. Kaya puwede kang makipag-usap sa amin nang walang inaalala.